Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VI-Kanlurang Visayas
SANGAY NG LUNGSOD KABANKALAN
Lungsod ng Kabankalan

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 154, s. 2019

SA MGA : Hepe ng CID at SGOD
Tagamasid Pansangay
Tagamasid Pampurok
Punungguro sa Elementarya at Sekundarya
Pandistritong Tagapag-ugnay sa Filipino
Mga Guro sa Filipino

MULA KAY : **MA. LORLINIE M. ORTILLO, CESO VI**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

PAKSA : **PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019**

PETSA : **Agosto 6, 2019**

1. Alinsunod sa Memorandum Pangkawaran Blg. 79 s. 2019, ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay mangunguna sa pagdiriwang ng taunang Buwan ng Wikang Pambansa 2019 tuwing ika-1 hanggang ika-31 ng Agosto batay sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997. Ang tema ng pagdiriwang ngayong taon ay, **"Ikang Katutubo: Tungo sa isang Bansang Filipino."**

2. Bilang tugon sa Proklamasyon ng UNESCO na International Year of Indigenous languages {Pandaigdigang Taon ng mga Katutubong Wika] ang taong 2019, pinagtibay ng KWF ang kapasiyahan ng kalupunan Blg. 18-23 na naglalayong na masiglang lumahok ang KWF sa pagdiriwang na ito; at ang Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 19-03 na natatakda ng tema na naglalayong ilaan ang Buwan ng Wika sa Agosto bilang lunsaran ng mga pagpupunyagi para sa mga katutubong wika sa bansa.

3. Layunin ng pagdiriwang ang mga sumusunod:

    a. Maiangat ang kamalayang ng mga mamamayang Filipino ukol sa halagang multilingguwalismo sa paglikha ng isang bansang Filipino na may pagkakaunawaan;
    b. Mahikayat ang mga mamamayang Filipino, lalo ang mga may-ari ng katutubong wika, na makilahok sa mga gawaing pangwika ng KWF;
    c. Mahikayat ang mga mamamayang Filipino na magpatupad ng mga malikhaing programang pangwika na makatutugon sa pangangailangan ng kanilang komunidad sa pakikipagtulungan sa KWF;
    d. Mapangalagaan ng KWF ang mga karapatang pangwika ng mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpapatupad ng mga patakarang magbibigay ng seguridad laban sa mga diskriminasyong pangwika; at
    e. Maipakilala sa mga mamamayang Filipino ang KWF bilang ahensya ng pamahalan na nangangalaga sa mga katutubong wika ng Pilipias sa pamamagitan ng mga programang pangwika nito.

4. Ang lingguhang paksa sa loob ng isang buwang pagdiriwang ay ang mga sumusunod:

    a. Ako at ang Katutubong Wika Ko;
    b. Pagbasa at Paglaya: Pagpapalusog ng mga Katutubong Panitikan at Kaalamang-Bayan;

Scanned with CamScanner

c. Sarikultura: Multilingguwalismo at Pag-uugnayan para sa Isang Bansang Filipino; at
d. Pangangalaga sa mga Katutubong Wika, Pangangalaga sa Bansang Filipino.

5. Ang mga nabanggit na lingguhang paksa ang papatnubay at magsisilbing batayan ng lahat ng gawaing bubuuin at isasagawa sa isang buwang pagdiriwang.

6. Bilang pagtatapos, and **Sanay ng Lungsod Kabankalan** ay magkakaroon ng ***Culminating Activity*** na gaganapin sa **Covered Court ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Forentino Galang Sr.** sa darating na **Agosto 23, 2019** at mag-uumpisa sa ganap na **ika-8 ng umaga.** (***Tingnan ang Kalakip Blg. 1 para sa listahan ng mga komite ng programa***). Ito ay pangungunahan ng mga Opisyales ng Pansangay na Samahan ng mga Guro sa Filipino [PaSaGuFil].

7. Kaugnay nito, magkakaroon ng iba't ibang timpalak na gaganapin sa buong araw ng selebrasyon alinsunod sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 94 s., 2019 na lalahukan ng limang distrito ng Sangay ng Lungsod ng Kabankalan. (***Tingnan ang Kalakip Blg. 2 para sa Mekaniks at Kraytirya ng mga timpalak***)

BAITANG		TIMPALAK
4-6	:	Madulang Pagkukuwento
6	:	Sulat Bigkas ng Tula [SULKAS TULA]
6	:	Ispeling
7-10 [JHS]	:	Interpretatibong Pagbasa
11-12 [SHS]	:	Dagliang Talumpati

8. Bawat distrito ay inaasahang magpadala ng tig-iisang kalahok o grupo ng kalahok sa bawat patimpalak.

9. Bawat kalahok ay magbabayad ng limampung piso (50 Php) para sa rehistrayon, sertipiko, *token* at pagkain ng mga hurado. Ang pamasahe *at per diem* ng mga kalahok at tagapagsanay ay kukunin mula sa lokal na pondo ng paaralan na dadaan sa kaukulang pagtutuos at pag-aawdit.

10. Para sa iba pang mga detalye o impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay **G. Junry M. Esparar**, Pansangay na Tagamasid sa Filipino o bumisita sa opisina ng **SDO-Lungsod ng Kabankalan** o tumawag sa telepono (4712-003).

11. Iminumungkahi ang maagang rehistrasyon upang magkaroon ng pondo para sa mga gastusin sa timpalak.

12. Hinihiling ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito

SANGGUNIAN:

Memorandum Pangkagawaran Blg. 79, s. 2019
Memorandum Pangkagawaran Blg. 94, s. 2019
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
Sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:
BUREAUS AND OFFICES
CELEBRATIONS AND FESTIVALS
CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO

Scanned with CamScanner

Kalakip Blg. 1 sa Memorandum Pansangay Blg. 154, s. 2019

PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019
Agosto 23, 2019

MGA KOMITE

PROGRAMA/ PAMBUNGAD NA PROGRAMA ***Chairperson:*** Gilbert Taclobos ***Miyembro:*** Ryan Noel Linas Glorijean G. Gelladula	**REHISTRASYON** ***Chairperson:*** Crsitine Joy T. Guanzon ***Miyembro:*** Emma Abella Russelle Tumayan Johna A. Mayang Rey Ann Rubio
DEKORASYON ***Chairperson:*** Jean Claude M. Amacio ***Miyembro:*** Aiza G. Dignadice Azucena Camparecio Jocelyn Abalajon Stephanie Tiansing	**MGA MESA AT UPUAN** ***Chairperson:*** Jechonias Elumba ***Miyembro:*** Jemia Limaco Junnete Hiponia Rhodora T. Flores
SOUND ***Chairperson:*** Marlyn Argamaso ***Miyembro:*** Aiza Dignadice Mae Tribunalo Arlene Pedoche	**GARLANDS** ***Chairperson:*** Irene L. Jez de Ortega ***Miyembro:*** Lucela P. Tanteras Noemi Alviar Evelyn Versoza
IMBITASYON/HURADO/ REKWEST PARA SA GYM ***Chairperson:*** Edelyn Janaya ***Miyembro:*** Argie D. Ambajon Jeseil M. Genteroles	**TABULATOR/ KRAYTIRYA/ MEKANIKS** ***Chairperson:*** Aljun R. Guarin ***Miyembro:*** Elsie B. Cervantes Kim P. Omero
VENUE/ HOST DISTRICT [K-V] ***Chairperson:*** Joeilyn B. Manlapao ***Miyembro:*** Jason Bayadog Glenny Tano Azucena Camparecio	**WAYS & MEANS** KaSuGuFil Puno ng Palatuntunan G. Jason Bayadog G. Gilbert Taclobos Bb. Cristine Joy T. Guanzon

Scanned with CamScanner

MGA KOMITE SA TIMPALAK

MADULANG PAGKUKUWENTO **Chairperson:** GILBERT TACLOBOS **Miyembro:** Edelyn Janaya Virginita Periquin	**ISPELING** **Chairperson:** GNG. IRENE L. JEZ DE ORTEGA **Miyembro:** Kim P. Omero Lucela P. Tanteras
SULKAS **Chairperson:** JUNNETE HIPONIA **Miyembro:** Jeseil M. Genteroles Argie D. Ambajon	**QUIZMASTER (Ispeling)** GNG. JENELYN ARGAMASO **Timer:** G. Mike Palermo **Scorer:** Aljun P. Guarin **Contest Manager:** Jechonias Elumba
INTERPRETATIBONG PAGBASA **Chairperson:** JEMIA LIMACO **Miyembro:** Resha A. Nueva España Sherryl Malacapay	**DAGLIANG TALUMPATI** **Chairperson:** JEAN CLAUDE M. AMACIO **Miyembro:** Aiza Dignadice Joeilyn B. Manlapao

Scanned with CamScanner

PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2019
Agosto 23, 2019

MGA PANUNTUNAN, MEKANIKS AT PAMANTAYAN NG IBA'T IBANG TIMPALAK

A. ISPELING

1. Ang paligsahan ay bukas para sa mag-aaral sa Ikaanim na Baitang sa antas elementarya ng paaralang publiko at pribado.
2. Ang Sangay ay maghahanda ng mga salitang gagamitin sa paligsahan; sasanggunian ang Ortograpiyang Pambasan [OP] at Atlas ng mga bansa sa Mundo. Ang UP Diksiyonaryong Filipino ang magiging pangunahing batayan ng mga salitang gagamitin sa paligsahan.
3. Babasahin ng Ispeling Master ang pangungusap na kinapalolooban ng salitang baybayin. Pagkatapos ng pangalawang pagbasa, ibibigay ang hudyat upang simulan ang pagsulat ng mga kalahok.
4. Ang puto at bilang ng aytem na babaybayin ay gaya ng sumusunod

MADALI	10 aytem X 2 puntos	20 puntos
KATAMTAMAN	10 aytem X 3 puntos	30 puntos
MAHIRAP	10 aytem X 5 puntos	50 puntos
	KABUONAN	100 puntos

5. Ang mag-aaral ay bibigyan ng pitong [7] segundo upang maisulat ang kaniyang sagot.
6. Ang magkakamiy ng pinakamataas na puntos ang tatanghaling Pansangay na Kampeon sa Ispeling.
7. Sa sandaling magkaroon ng patas na puntos, may nakalaang tanong ng magiging clincher. Ang *tie-breaker* ay isasagawa batay sa sumusunod:
   7.1 maglalaan ng tatlong tanong na paglalabanan ng may patas na puntos; ang makakukuha nang mas Mataas na puntos ang siyang makukuha ang puwestong pinaglabanan.
   7.2 sa sandaling maging patas muli ang kanilang puntos; magkakaroon ng knwock-out round.
8. Ang hatol ng inampalan ay pinal at hindi na mababago.

B. MADULANG PAGKUKUWENTO

PALIGSAHAN	**PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO**	
BAITANG NG MAG-AARAL	Ang mga kalahok ay binubuo ng tig-iisang mag-aaral mula sa Baitang 4, 5, 6 at isang Highly Manageable SPED Learner in a Mainstream/Inclusive Program **(Visually Impaired orDifficulty in Physical Mobility)**na may **edadlabinlima** pababa sa taon ng paligsahan.	
KATEGORYA	**MADULANG PAGKUKUWENTO**	
BILANG NG KALAHOK	Apat (4)	
ORAS NA INILAAN	Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda, pagpasok at pagbaba sa entablado.	
Batayan ng Kapasyahan	**Pamantayan**	**Bahagdan**
	Interpretasyon	40%
	Pagpapalutang ng diwa (20%)	
	Pagbibigay diin sa damdamin (20%)	
	Hikayat	20%
	Dating sa madla (5%)	
	Pagbibigay buhay sa tauhan (5%)	
	Tindig (5%)	
	Kilos Pantanghalan(5%)	
	Bigkas	20%
	Matatas at maliwanag (10%)	
	May pagbubukod bukod ng mga salita	

Scanned with CamScanner

	(5%)	
	May wastong diin at intonasyon (5%)	
	Tinig	10%
	Lakas (5%)	
	Taginting (5%)	
	Kaangkupan ng diwa at damdamin	10%
	Kabuuan	**100%**

Patnubay sa Kalahok

a) Isang kuwento ang bibigyan ng interpretasyon batay sa ibibigay ng mga hurado sa takdang araw ng paligsahan;
b) Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang kuwentong bibigyan ng interpretasyon;
c) Malayang baguhin ang pagkasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.
d) likot ang interpretasyon sa kwento lamang;
e) Ang mga kalahok ay wala nang piyesang hawak habang nagtatanghal.
f) Siguraduhing ang bawat kasapi ng pangkat ay may aktibong partisipasyon;
g) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang kuwento na tatagal din ng sampung minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
h) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang kuwento;
i) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa sampung minuto kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado.
j) Walang anumang **props** o kagamitan, musikaat instrumento na dadalhin at gagamitin; at
k) Ang kasuotan ay **pantalong maong at puting t-shirt.**

I. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan

a) Kuwentong gagamitin apat (4) **hard copy**;(3 regular, 1 enlarged and 1 transcribed)
b) Orasan, flaglets, numero ng mga kalahok; at
c) c.1 Dalawang (2) silid na **holding area** para sa 68 katao;
c.2 Isang (1)silid para sa pagsasanay; at
c.3 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 200 katao.

C. SULAT AT BIGKAS TULA [SUKLAS TULA]

PALIGSAHAN	**PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO**	
BAITANG NG MAG-AARAL	Baitang 6	
KATEGORYA	SULAT BIGKAS NG TULA **(SULKAS TULA)**	
BILANG NG KALAHOK	Isa (1)	
ORAS NA INILAAN	Isang (1) oras para sa pagsusulat, 30 minutong paghahanda at limang (5) minuto na pagtatanghal	
BATAYAN NG KAPASYAHAN	**Pamantayan**	**Bahagdan**
Batayan ng Kapasyahan	**PAGSULAT**	**50%**
	Interpretasyon ng Tula	
	Kaugnayan sa paksa (20%)	
	Organisasyon ng diwa (15%)	
	Mekaniks (15%) *(Apat (4) na saknong na binubuo ng apat (4) na taludtod na may tugma)*	
Batayan ng Kapasyahan	**PAGBASA**	**50%**
	Hikayat	
	Dating sa Madla (5%)	
	Kilos/galaw/kumpas (10%)	
	Ekspresyon ng mukha (10%)	
	Tinig at Bigkas	
	Lakas/ Diin/ Taginting (10%)	

Scanned with CamScanner

	Matatas at maliwanag (10%)	
	Wastong pagbubukod ng salita (5%)	
	Kabuuan	**100%**

I. Patnubay sa Kalahok

a) Ang tulang isusulat aynaaayon sa tema na ibibigay ng hurado sa araw ng patimpalak; apat na saknong na binubuo ng apat na taludtod na may tugma;
b) Ang opisyal na gagamiting papel ay magmumula sa tagapag-organisa;
c) Ang mga kalahok ay bibigyan ng isang oras na pagsusulat at tatlumpong minutong pag eensayo;
d) Ang lahat ng papel ay lilikumin ng tagapagdaloy at sisimulan na ang paligsahan;
e) Ang lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal;
f) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng limang minuto sa pagbigkas ng tula kasama ang pagpasok at paglabas mula sa entablado gamit ang tulang sinulat na ibibigay muli ng tagapagdaloy; at
g) Ang kalahok ay magsusuot ng kasuotang Pilipino.

II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan

a) Paksang gagamitin;
b) Papel, bolpen, lapis at pambura;
c) Orasan, numero ng mga kalahok;
d) d.1 Isang (1)silid na **holding area** para sa 17 katao; at
d.2 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 100 katao.

D. DAGLIANG TALUMPATI

PALIGSAHAN	**PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO**	
BAITANG NG MAG-AARAL	Baitang 11 o 12	
KATEGORYA	DAGLIANG TALUMPATI	
BILANG NG KALAHOK	Isa (1)	
ORAS NA INILAAN	Anim (6) na minuto kasama ang paghahanda at pagtatalumpati	
Batayan ng Kapasyahan	**Pamantayan**	**Bahagdan**
	Interpretasyon	35%
	Kaugnayan sa paksa (20%)	
	Pagbibigay diin sa damdamin (15%)	
	Hikayat	25%
	Kilos, galaw, kumpas (10%)	
	Dating sa Madla (5%)	
	Kakanyahang pantanghalan (5%)	
	Ekspresyon ng mukha (5%)	
	Tinig	20%
	Kaangkupan ng diwa at damdamin (10%)	
	Taginting (5%)	
	Lakas (5%)	
	Bigkas	20%
	Matatas at maliwanag (10%)	
	Wastong pagbubukod ng salita (5%)	
	Diin/Indayog (5%)	
	Kabuuan	100%

I. Patnubay sa Kalahok

a) Ang paksa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang oras;
b) Ang kalahok ay bibigyan lamang ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksang napili habang nagtatalumpati ang sinusundang kalahok;
c) Ang bawat kalahok ay bibigyan ng tatlong minutong paghahanda hinggil sa paksa at dalawa hanggang tatlong minuto naman sa pagtatalumpati;
d) May kabawasang puntos sa kabuuang iskor na labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati:

1-30 segundo - .5 puntos

Scanned with CamScanner

31-60 segundo 61	- 1 puntos segundo – pataas - 2 puntos

e) Itataas ang banderang berde bilang hudyat ng pagsisimula, banderang dilaw bilang hudyat sa nalalabing tatlumpong segundo at banderang pula na tapos na ang itinakdang oras; at
f) **Corporate attire** ang inaasahang kasuotan.

II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan
a) Banderang berde, dilaw at pula;
b) Paksang gagamitin;
c) Orasan, numero ng kalahok;
d) d.1 Isang (1)silid na **holding area** para sa 17 katao; at
d.2 Isang (1)silid para sa pagsasanay; at
d.2 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 100 katao.

E. INTERPRETATIBONG PAGBASA

PALIGSAHAN	**PAMBANSANG TAGISAN NG TALENTO**	
BAITANG NG MAG-AARAL	**Isang kalahok mula sa bawat Baitang 7, 8, 9 at 10**	
KATEGORYA	**INTERPRETATIBONG PAGBASA** *(Pagbibigay interpretasyon sa wastongpagbasa ngTalumpati, Monologo, Deklamasyon, Isahan at Sabayang pagbasa ng tula)*	
BILANG NG KALAHOK	Apat (4)	
ORAS NA INILAAN	Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda at pagtatanghal	
Batayan ng Kapasyahan	**Pamantayan**	**Bahagdan**
	Interpretasyon	40%
	Pagpapalutang ng diwa (20%)	
	Pagbibigay diin sa damdamin (20%)	
	Hikayat	20%
	Dating sa madla (5%)	
	Pagbibigay buhay sa tauhan (5%)	
	Tindig (5%)	
	Kumpas/Kilos (5%)	
	Bigkas	20%
	Matatas at maliwanag (10%)	
	May pagbubukod-bukod ng mga salita (5%)	
	May wastong diin at intonasyon (5%)	
	Tinig	10%
	Lakas (5%)	
	Taginting (5%)	
	Kaangkupan ng diwa at damdamin	10%
	Kabuuan	100%

I. Patnubay sa Kalahok
a) Ang piyesa na manggagaling sa tagapag-organisa ay ibibigay sa takdang araw ng paligsahan;
b) Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon;
c) Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesang bibigyan ng interpretasyon.
d) Malaya ang mga kalahok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng binabasangpiyesa;
e) Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan naman ng susunod na kalahok ang piyesa na tatagal din ng 10 minuto, susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;
f) Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi maririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin;
g) Dapat angkop ang interpretasyon sa genreng nakasulat sa piyesa;
h) Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa 10 minuto kasama ang pagpasok at

Scanned with CamScanner

paglabassa entablado;

i) Walang anumang **props** o kagamitan, musika at instrumento na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok;

j) likot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib, at

k) Ang kasuotan ay **pantalong maong at puting t-shirt.**

II. Kagamitan mula sa Tagapag-organisa ng Paligsahan

a. Paksang gagamitin;

b. Orasan, numero ng mga kalahok;

c. c.1 Dalawang (2) silid na **holding area** para sa 68 katao;
c.2 Isang (1) silid para sa pagsasanay; at
c.3 Isang (1) silid Tanghalan para sa higit kumulang na 200 katao.

Paalala:

- Mahigpit na ipinagbabawal sa mga kalahok ang pagdadala ng anumang **electronic gadgets** sa **holding area** at sa buong panahon ng pagtatanghal.
- Hindi rin pinahihintulutan ang mga tagapagsanay na pumasok/lumapit sa **holding area.**
- Iwasan ang pagbanggit ng pagkakakilanlan ng mga kalahok.
- Ang paglabag dito ay magiging sanhi ng diskwalipikasyon.

2020 Pambansang Tagisan ng Talento sa Filipino

Mga kategorya, bilang ng kalahok, bilang ng tagapagsanay, at oras na inilaan sa bawat kategorya ay ang mga sumusunod:

Kategorya	Oras na Inilaan	Bilang ng Kalahok	Bilang ng Tagapagsanay	Kabuuang Bilang
1. Madulang Pagkukuwento	Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda	4	2	6
2. Sulat Bigkas ng Tula (Sulkas Tula)	Isang (1) oras para sa pagsusulat, 30 minutong paghahanda at limang (5) minuto na pagtatanghal	2	1	3
3. Ispeling	1 oras	3	1	4
4. Dagliang Talumpati	Anim (6) na minuto kasama ang paghahanda at pagtatalumpati	2	1	3
5. Interpretatibong Pagbasa	Dalawampung (20) minuto kasama ang paghahanda at pagtatanghal	4	1	5
Kabuuang Bilang ng Delegado sa bawat Distrito				**21**

Scanned with CamScanner